# Hindi Mo Ito Laban

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant
October 03, 2020

Ang buhay ay isang labanan, ngunit huwag pumayag na ang buhay ay puno ng pakikibaka. Kung ito ay higit pa sa iyo, hindi mo ito laban.

Sa araw-araw na buhay natin, nakararanas tayo ng maraming labanan – mahahaba at mahihirap; hidwaan at pakikibaka na hindi inaasahan. Ginagawa ng mga ito na maging matapang tayo at hinahamon ang ating katapatan. Gaano man kaliit o kalaki ang mga ito, harapin nang may tapang dahil may Diyos tayong magliligtas sa atin.

Sa bawat labanang dumarating na hindi inaasahan, ibigay ito sa Diyos dahil hindi mo ito laban.

**1.Higit na mas malaki ang ating Diyos kaysa sa ating kalaban.**

- May labanang nagtutulak sa atin para sumuko, na nauuwi sa hindi pagtitiwala sa kakayahan natin. Pinapaalala ng Diyos na kung gusto nating magtagumpay sa ating laban sa buhay, isuko natin ang mga ito sa Diyos. Ipinangako Niya sa Jeremias 1:19, " Gagawin kitang sintibay ng isang lungsod na naliligid ng mga muog, sintatag ng haliging bakal, o pader na tanso. Hindi ka nila matatalo dahil ako ang mag-iingat sa iyo."

- Malalim at matibay na pananalig ang isa sa mga susi para magtagumpay sa labanan. Ito ang mga gumagabay para tayo ay magtagumpay. Paalala ng Diyos sa 2 Cronica 20:20, "Manalig kayo kay Yaweh na inyong Diyos at magiging matatag kayo. Magtiwala kayo sa kanyang mga propeta at kayo'y magtatagumpay."

**2. Kung gusto mong kalabanin ako, kakalabanin mo ang aking Diyos.**

- Ang mga labanan ang humihikayat para magpokus tayo sa Diyos sa halip na sa kalaban. " Kaya nga, pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo at lalayuan niya kayo, "(Santiago 4:7).

**3. Konklusyon:**

- Hinahayaan ng Diyos na maranasan natin ang labanan para maging matatag ang ating pananalig. "Kay Yaweh ka magtiwala, buong puso at lubusan, at huwag kang mananangan sa sariling karunungan" (Kawikaan 3:5).

- Kailangang magpokus tayo, umasa, at tumingala sa Diyos dahil malapit na nating makamit ang ating tagumpay sa pamamagitan ng pagpokus sa mga pangako ng Diyos at hindi sinasarili ang pakikipaglaban sa ating katunggali.

Ang pagiging anak ng Diyos ay pananatili sa ligtas na lugar.

**Pagninilay:**

1. May mga pangyayari ba sa buhay mo na ipinilit mong ikaw na ang lalaban sa iyong katunggali? Ano ang nangyari?

2. Ano ang napagtanto mo?

**Isinalin ni:**Sis. Nida Cruz
Na-edit at inaprobahan ni**: Sis Vera I. Tuplano**
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterial